
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LI Blg. 4
Pebrero 21, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Igiit ang ganap na pagbasura sa VFA at lahat ng di-pantay na tratadong militar

Sa harap ng kamakailang pag-abiso ng rehimeng Duterte sa gubyerno ng US ng intensyon nitong wakasan ang Visiting Forces Agreement (VFA), tungkulin ng mamamayang Pilipino na igiit ang ganap na pagpawi sa tratado at igiit ang iba pang panawagan para sa pagtatanggol sa pambansang soberanya.

Ang pagpirma ni Duterte sa *notice of termination* (pabatid sa pagtatapos) noong Pebrero 11 ay tumutugon sa matagal nang panawagan ng mamamayang Pilipino na wakasan ang VFA. Gayunman, ito ay unang hakbang pa lamang. Samakatwid, kinakailangang kagyat na magkaisa at kolektibong sumigaw ang mamamayan upang maisakatuparan ang pagwawakas sa pahirap na tratadong ito.

Sa darating na 180 araw, o hanggang sa maging ganap na epektibo ang pagbabasura sa VFA, kinakailangan ng mamamayang Pilipino na:

1) mahigpit na labanan ang anumang hakbang upang bawiin ang *notice of termination*, renegosasyon ng tratado, o negosasyon para sa panibagong tratado na magpapahintulot sa mga tropang militar ng US na permanenteng makapanatili sa bansa;

2) igiit na isailalim sa inspeksyon ang mga barkong militar ng US na pumapasok sa bansa upang matiyak na hindi nagbibitbit ang mga ito ng mga armas nukleyar;

3) igiit na ikulong sa mga bi-

*"Igiit...," sundan sa pahina 2*

## Upisyal ng PNP, patay sa ambus ng BHB-Central Panay

PATAY ANG ISANG upisyal ng Philippine National Police (PNP) habang sugatan naman ang tauhan nang tambangan sila ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr. Command) sa Barangay Aglobong, Janiuay, Iloilo noong Pebrero 12 ng hapon.


Kinilala ang napaslang na si Captain Efren Espanto, 29, kumander ng dalawang seksyon ng Reconnaissance Company ng Regional Mobile Force Battalion 6 na nagsasagawa ng operasyong kombat sa erya mula Pebrero 10. Bunsod ng agarang pagkamatay ni Espanto, nawalan ng mando at nagsitakbuhan ang kanyang mga tauhan. Naiwan ang bangkay ng kapitan sa lugar

*"Upisyal...," sundan sa pahina 3*

"Igiit...," mula sa pahina 1

langguan sa Pilipinas at isailalim sa hurisdiksyon ng bansa ang mga tauhang militar ng US na gumawa ng mga krimen sa bansa at napatunayang nagkasala ng mga lokal na korte ngunit nanatiling nasa kustodiya ng US dahil sa VFA;

4) igiit na kanselahin ang Balikatan 2020 *war games* at lahat ng mga ehersisyong militar (319 ngayong 2020) na isasagawa ng mga pwersang militar ng US sa bisa ng VFA;



5) igiit na ibasura ang 1951 Mutual Defense Treaty at ang 2014 Enhanced Defense Cooperation Agreement;

6) manawagang wakasan ang Operation Pacific Eagle-Philippines na ginagamit ng militar ng US upang patindihin ang interbensyon nito sa bansa sa tabing ng "kontra-terorismo;"

7) manawagang lansagin ang mga pasilidad militar ng US na itinayo sa bansa bago ang at sa bisa ng EDCA kabilang na ang mga pasilidad na minamantine nito sa Lumbia Airport (Cagayan de Oro), Antonio Bautista Air Base (Palawan), Basa Air Base (Pampanga), Fort Magsaysay (Nueva Ecija), Benito Ebuen Air Base (Mactan, Cebu), Camp Navarro (Zamboanga City), Camp Ranao (Marawi City) at PNP Academy (Cavite);

8) igiit na palayasin ang mga pwersang militar ng US na nakaistasyon sa bansa, at wakasan ang pagrerelyebo ng mga tropa nito;

9) manawagang wakasan ang paggamit sa mga eroplanong paniktik at *drone* ng US, kabilang na ang pinatatakbo ng mga pribadong kontraktor kabilang na ang Dyne Corporation; at

10) manawagang wakasan ang ayudang militar ng US at ang pagsusuplay nito ng mga bomba, *rocket* at bala na ginagamit ng rehimeng Duterte sa armadong pagsupil at paglabag sa mga karapatan.

Ipinanawagan ng mamamayang Pilipino ang pagbasura sa VFA at lahat ng iba pang mga tratadong militar dahil binibigyan ng mga ito ang mga pwersang militar ng US ng ekstrateritoryal na karapatan at halos walang sagkang akses na mag-operyt sa bansa. Ginagamit ng US ang mga ehersisyong militar sa bansa para pahigpitin ang kontrol nito sa AFP. Layon nitong gamitin ang lokal na armadong pwersa bilang galamay nito sa pagpapakita ng hegemonikong lakas sa Asia-Pacific.

Ang pagkakatali ng lokal na militar sa US ay hindi pumipigil sa, bagkus ay nagsisilbing balani na umaakit sa agresyon ng mga pwersang militar ng China at lahat ng kalaban at makakalaban ng US. Dahil tinali ng mga tratadong ito ang Pilipinas, hindi makapagpatupad ang bansa ng isang independyenteng patakarang panlabas.

Ang pagsandig ng AFP sa US para sa mga kagamitang militar, treyning at doktrinal na oryentasyon ay kabilang sa mga pinakamalalaking hadlang sa pagkakamit ng makatwiran at pangmatagalang kapayapaan. Dahil impluwensyado ng US, kontra-insurhensya ang pangunahiing pinagkakaabalahan ng

"Igiit...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 4 | Pebrero 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Igiit ang ganap na pagbasura sa VFA at lahat ng di-pantay na tratadong militar | 1 |
| Upisyal ng PNP, patay sa ambus ng BHB | 1 |
| 8 aksyong militar ng BHB-NEMR | 3 |
| FMO binigwasan ng BHB | 4 |
| Pagkalat ng COVID | 4 |
| Kabulukan sa loob ng CAFGU sa ICR | 5 |
| Pag-amyenda sa PSA | 5 |
| Kalupitan at katiwalian ng 77th IB | 6 |
| Iskemang pastillas, POGO | 7 |
| Kaso laban sa Red-tagging, isinampa | 8 |
| Sangley Airport Project | 9 |
| Huwad na deklarasyon kontra reklamasyon | 9 |
| Atake sa ABS-CBN | 10 |
| Laban sa Harbour Centre | 10 |
| One Billion Rising | 11 |
| Defend Mindanao, itinatag | 11 |
| Pagpaslang sa 4 na Pulang mandirigma | 11 |
| Tacloban 5 | 12 |
| Ispesyal na pagtrato kay Palparan | 12 |
| Iligal na pag-aresto sa Bicol | 13 |
| Protesta ng mga drayber, opereytor | 13 |
| Utang ng mga kumpanya sa kuryente | 13 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Igiit...," mula sa pahina 2

AFP at ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas imbis na depensahan ang soberanya ng bansa. Sa katunayan, ang kontra-insurhensya ay malaking negosyo para sa militar-industriyal na mga kapitalista ng US.

Batid ng mamamayang Pilipino na mali ang tinukoy na dahilan ni Duterte sa kanyang mga pahayag kung bakit nais niyang wakasan ang VFA. Ang kanyang pagbabanta na wakasan ang tratado ay nakakawing sa kanyang pansariling pampulitikang mga layunin.

Ito ang kanyang tugon sa hayagang pampulitikang panggigipit ng US Senate na bumatikos sa detensyon ng kritiko ni Duterte na si Sen. Leila de Lima. Umiiyak si Duterte ng "interbensyong US" dahil lamang ayaw niyang mapuna ang kanyang di-patas na pakikipagtunggali sa iba pang nangungunang maka-US na mga grupong pulitikal.

Ibinulalas din niya ang kanyang pagkasiphayo sa itinuturing niyang kulang na suportang militar para sa kampanyang kontra-insurhensya ng AFP. Nanlilimos siya mula sa US nang dagdag pang mga pang-atakeng helikopter, armalayt, bomba, *fighter jet, drone* at iba pang kagamitang militar.

Ang pansariling mga interes at makitid na pananaw ni Duterte ay nagpapakita na ang hakbang ng pag-isyu ng abiso para lansagin ang VFA ay hindi nakatuon para wakasan ang higit sa kalahating siglo ng neokolonyal na paghahari ng imperyalismong US. Inaasahang madali lang siyang masusuyo o mapasusunod ni Trump o ng kanya mismong mga maka-US na upisyal militar.

Gayunman, ang mga patriyotikong Pilipino ay hindi mapatatahimik sa kanilang pagigiit na lansagin ang VFA at iba pang di-pantay na mga tratadong militar sa US. Mahigpit silang titindig upang isulong ang pakikibaka para wakasan ang imperyalistang pagpapahirap ng US at kamtin ang tunay na pambansang paglaya. AB

---

"Upisyal...," mula sa pahina 1

ng labanan at kinabukasan pa ito nakuha. Para pagtakpan ang kahihiyan, pinalabas ng pulisya na dinala pa umano sa ospital si Espanto ngunit idineklarang patay na pagkarating.

Pinasalamatan ng BHB-Panay (Coronacion "Waling-waling" Chiva Command) ang masa na mahigpit na nakipagtulungan para matiyak ang tagumpay ng dagliang ambus.

**Quezon.** Naglunsad ng armadong aksyon ang BHB-Quezon sa bayan ng San Narciso laban sa PNP noong Pebrero 14. Sa nasabing opensiba, tatlong pulis ang patay at dalawa ang sugatan. Inatake ng BHB ang mga pulis bilang tugon sa walang habas nilang paglabag sa karapatang-tao ng mga magsasaka sa Bondoc Peninsula.

**Sorsogon.** Isang tauhan ng 2nd Provincial Mobile Force Company ng PNP na nakabase sa Barangay Aquino, Bulan ang sugatan sa operasyong haras na isinagawa ng BHB-Sorsogon noong Pebrero 16. AB

## 8 aksyong militar, ikinasa ng BHB-NEMR

NAGLUNSAD ANG BHB-Northeastern Mindanao Region (NEMR) ng walong armadong aksyon laban sa mga pwersa ng militar at pulisya noong Enero. Ayon kay Ka Ariel Montero, tagapagsalita ng BHB-NEMR, nagresulta ang mga aksyon sa pagkamatay ng siyam na sundalo at pagkasugat ng siyam na iba pa.

**Surigao del Norte.** Magkasunod na aksyong militar ang inilunsad ng BHB-Surigao del Norte laban sa 30th IB at Special Action Force noong Enero 12-13. Pinaputukan ng BHB ang nag-ooperasyong mga sundalo at pulis sa Barangay Camam-onan, Gigaquit. Sa dalawang labanan, isa ang patay at tatlo ang sugatan sa kaaway.

Noong Enero 13, pinasabugan naman ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo sa Barangay Lahi sa parehong bayan. Tatlo ang patay at isa ang sugatan sa mga tropa ng 30th IB.

Apat na sasakyang militar din ang pinasabugan sa Barangay Ladgaron, Claver noong Enero 17. Lulan ng mga ito ang mga elemento ng 30th IB, SAF at PNP Provincial Mobile Force Company. Hindi bababa sa dalawa ang patay at isa ang sugatan sa opensiba.

**Surigao del Sur.** Tinambangan ng BHB ang mga pwersa ng 7th Special Forces Company sa Barangay San Isidro, Marihatag noong Enero 28. Nakumpiska ng BHB sa kanila ang dalawang kalibre .45 pistola, isang radyong Harris at iba pang kagamitang militar. Dalawa ang patay sa kaaway.


Naglunsad din ng operasyong haras ang BHB-Surigao del Sur laban sa 3rd Special Forces Battalion sa Barangay Buhisan, San Agustin noong Enero 20.

**Agusan del Norte.** Pinaputukan ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng 29th IB sa Barangay Anticala, Butuan City noong Enero 18. Kinumpirma mismo ng 402nd Brigade na mayroong dalawang kaswalti sa kanilang hanay.

Tinambangan din ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng 29th IB Sa Barangay San Isidro, Kitcharao noong Enero 16. Ayon sa mga residente, isa ang patay at dalawa ang sugatan sa mga sundalo sa nasabing opensiba. AB

## FMO sa Ilocos at Abra, binigwasan ng BHB

Magkasunod na bigwas ang pinakawalan ng BHB-Ilocos-Cordillera laban sa nakapokus na operasyong militar (*focused military operation* o FMO) ng 81st IB at 69th IB sa Ilocos at Abra. Tatlo ang napatay sa kaaway sa mga engkwentro noong Enero 13 at Pebrero 2.



Noong Enero 13, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang isang platun ng 81st IB sa Barangay Mapisi, Nagbukel, Ilocos Sur dakong alas-5:30 ng umaga. Dalawang sundalo ang napatay. Namatay naman ang giya ng isang kolum ng 69th IB sa pangalawang labanan na naganap sa Barangay Nagcanasan, Pilar, Abra noong Pebrero 2, ala-1:10 ng hapon. Maagap na nakapagmaniobra ang mga kasama habang walang habas na nagpaputok ang kaaway upang mailabas ang kanilang kaswalti.

Bilang ganti, walang patumanggang nag-istraping gamit ng mga helikopter ang mga pasista sa paligid ng Barangay Nagcanasan noong Pebrero 2-3. Nagdulot ito ng matinding takot sa mga residente sa nasabing komunidad at kalapit na mga baryo.

Noong Enero 7, umabot sa 21 na kolum ng pinagsamang pwersa ng 24th IB, 69th IB, 81st IB, 71st Division Reconnaissance Coy at Regional Mobile Force ng PNP ang ipinakat sa hangganan ng Abra (Pilar, Villaviciosa at Luba) at Ilocos Sur (Santa Maria, Burgos, San Emilio, Nagbukel at Narvacan). Nadagdagan ito ng 12 pang kolum matapos ang nasabing mga labanan. AB

---

## Pagkalat ng COVID-19, sintomas ng malubhang kalagayan ng pampublikong kalusugan

Binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rehimeng Duterte sa matinding pagpapabaya nito sa kalusugan ng publiko sa harap ng pagkalat ng 2019 Novel Coronavirus (COVID-19). Dahil sa kawalang pakialam sa pangangalaga sa pampublikong kalusugan, huli nang ipinagbawal ni Duterte ang mga byahe mula sa mga bansa kung saan unang kumalat ang *virus* at kahit pa nagpatupad na ng mga hakbang ang iba't ibang bansa upang pigilan ang pagkalat nito. Naglabas na lamang ng kautusan si Duterte para ipagbawal ang mga byahe noong Enero 31 matapos siyang batikusin ng mga mamamayan, isang araw matapos magdeklara ng "public health emergency" ang World Health Organization (WHO).

Sa pinakahuling ulat, tinatayang 2,000 na ang namatay sa China mula nang kumalat ang COVID-19 sa bansa noong huling linggo ng Disyembre 2019. Mahigit 76,000 na rin ang nahawaan ng sakit na ito na nakitaan ng mga sintomas gaya ng matinding lagnat, ubo, at hirap sa paghinga.

Ayon sa PKP, tumingkad ang kalunos-lunos na kalagayan ng pampublikong kalusugan dahil sa pagkalat ng COVID-19. Patunay na rito ang mababang alokasyon ng rehimen para sa sektor ng kalusugan. Nananatiling walang akses ang mayoryang mahihirap sa mga serbisyong pangkalusugan sapagkat korporatisado pa rin o para lamang sa tubo ang ipinagmamalaking "universal health care" o sistema para sa libreng pagpapagamot ng rehimen.


Bagamat lumaki ang absolutong halaga ng alokasyon para sa sektor ng kalusugan ngayong 2020 (mula P177.7 bilyon tungong P185.5 bilyon), lumiit naman ang hati nito sa pangkabuuang pambansang badyet (mula 4.85% noong nakaraang taon tungong 4.52%). Ang P7.8 bilyong itinaas ng badyet ay nanaknakin lamang ng implasyon.

Sa partikular, ang inilaan para sa Epidemiology and Surveillance Program ay tinapyasan nang kalahati (mula P262.9 milyon noong 2019 tungong P147.4 milyon ngayon taon). Ito ang programa ng Department of Health na sumusubaybay, nag-iimbestiga at sumusuri sa paglaganap ng mga sakit tulad ng COVID-19.

Binawasan din ng P147.4 milyon ang badyet para sa Health Systems Strengthening Program. Ang programang ito ang nagtitiyak na may malawak na mapagkukunan ng mga manggagawang pangkalusugan kabilang na ang mga duktor, nars, *midwife*, dentista, manggagawang pangkalusugan sa mga komunidad, at iba pa.

Sa kasalukuyan, nananatiling napakababa ng tumbasang duktor-sa-pasyente sa Pilipinas. Sa bawat 10,000 pasyente, wala pang isang duktor (0.3%) ang nakalaan para sa kanila. Lubhang malayo ito sa rekomendasyon ng WHO na tumbasang 1-1.5 duktor kada 1,000 mamamayan. AB

# Kabulukan sa loob ng CAFGU sa Ilocos-Cordillera




Nang binuo ang Citizen Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) noong 1987, bahagi ng layunin nito ang pagkaitan ng baseng magsasaka ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa halip na tugunan ang problema sa lupa, binuyo ng militar ang mahihirap na magsasaka upang gamitin laban sa kanilang mga kauri. Sapilitang nirekluta at ipinasok sa CAFGU ang ginipit na mga sumurender, na kaluna'y nagiging mga pasista, antisosyal at kontra-mamamayan. Kaakibat nito ang napapabayaang mga sakahan, kabuhayan at maging kanilang mga pamilya.

Ayon sa ilang dating CAFGU sa Ilocos at Cordillera na umalis na sa serbisyo, kapalit ng matinding hirap ay ang halos limos na *subsistence allowance* (SA) na kanilang natatanggap. Ayon kay "Empoy," kalahati lamang ng P4,500 na SA para sa 15 araw na *duty* (panahon ng serbisyo) ang nai-uuwi nila dahil sa napakaraming kaltas. Hawak ng kadreman (regular na sundalong nangangasiwa sa mga CAFGU) ang kanilang sweldo at siya ring kolektor ng mga kaltas. Kabilang sa kinakaltas ay ang kanilang buwanang gastos sa pagkain at multa para sa hindi maayos na pagsusuot ng uniporme, hindi pagdating sa itinakdang oras ng *duty*, hindi maagang paggising at iba pa.

Maliban pa rito, madalas ay naaantala nang isa hanggang tatlong buwan ang kanilang sweldo. Sa ilang pagkakataon, isang taon na hindi nila natanggap ang sweldo dahil idineposito iyon ng kadreman sa bangko upang patubuan ng interes. Kaya bago pa man ang araw ng suweldo ay patung-patong na ang kanilang utang sa mga kalapit na tindahan. Karaniwan ding ginagamit ang pondo bilang kapital sa negosyong pautang ng kadreman sa mga CAFGU bilang pambayad sa gastos ng kanilang mga anak sa paaralan. Sa ibang kalapit-baryo na may detatsment din, may karanasan na hindi agad ibinigay ang kanilang sweldo dahil lamang sa suspetsang kasabwat ng mga CAFGU ang yunit ng BHB na kumikilos sa lugar.

Inilahad naman ni "Bong" ang pagmamaltrato ng mga kadreman laluna sa mga CAFGU na may mga kapamilyang kasapi ng BHB. Tinatawag silang mga "labang," (o may bahid). Hindi rin sila pinagkakatiwalaan at laging pinagagalitan. Maging sa hanay ng mga CAFGU ay may pagdududa sa bawat isa. Matindi rin ang panlalait ng mga kadreman sa mga minoryang CAFGU, gaya ng pagtawag sa kanila na "unggoy" at iba pa. May ilang CAFGU rin na nabingi dahil pinaputukan ng baril malapit sa kanilang tenga. Ang mga kababaihang CAFGU naman ay kadalasang pinapaghanap ng pulutan ng mga kadreman kapalit ng paglilibre sa isang linggong *duty*. May mga pagkakataong biglaan din ang pag-aanunsiyo ng operasyon kaya't walang kagamitan ang mga CAFGU ga-

*"CAFGU...," sundan sa pahina 6*

---

## Amyenda sa PSA, nilalantad ang pangangayupapa ni Duterte sa imperyalismong US—PKP

Sa isang pahayag noong Pebrero 20, binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pagratsada ni Duterte, kanyang maka-US na mga teknoktrata at sinuhulang supermayorya sa Kongreso sa pag-amyenda sa Public Security Act (PSA). Ang repormang ito, na nilagdaan niyang "kagyat" at bahagi ng kanyang lehislatibong adyenda, ay ipinasa ng reaksyunaryong Kongreso sa ikalawang pagbasa noong Pebrero 18. Tatanggalin nito ang telekomunikasyon at transportasyon sa listahan ng mga "pampublikong serbisyo" upang baklasin ang natitirang mga restriksyon sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan sa bansa.

Anang PKP, ipinatupad ito ni Duterte para patunayan ang kanyang halaga bilang aset ng US matapos kanselahin ang Visiting Forces Agreement. Ang amyenda ay bahagi ng mga repormang ipinataw ng US sa bansa para tuluyang ibuyangyang ang ekonomya sa kapakinabangan ng mga dayuhang monopolyo kapitalista.

Sa partikular, ang pagtatanggal sa nasabing mga industriya sa listahan ng mga pampublikong yutilidad ay kabilang sa mga rekomendasyon ng American Chamber of Commerce sa ilalim ng programa nitong The Arangkada Philippines Project (TAPP). Sa pamamagitan ng pagbaklas ng limitasyon sa maaaring pagmay-arian ng mga dayuhan sa mga industriyang ito, ipaiilalim ni Duterte ang mamamayang Pilipino sa mas masahol na mga porma ng imperyalistang dominasyon dahil mabibigyan ng laya ang mga dayuhang kapitalista na buu-buong makapagmay-ari at magkontrol sa operasyon ng estratehikong lokal na mga empresa.

Pagkapasa ng amyenda, tiyak na kikita si Duterte at ang kanyang mga alipures ng bilyun-bilyong dolyar na suhol at lagay mula sa mga dayuhang kontraktor na magpapanukala ng kani-kanilang "unsolicited" na mga proyekto at konsesyon. AB

*"CAFGU...," mula sa pahina 5*

ya ng kumot, bakpak at iba pa.

Marami sa kanila ang lulong sa pagsusugal, paglalasing at panonood ng malalaswang pelikula. Bunsod nito, madalas magkaroon ng away sa mga detatsment laluna kapag lasing ang mga CAFGU, at nagagamit pa ang kanilang mga armas laban sa kanilang mga kasamahan.

Nasisira rin ang mga relasyong mag-asawa dahil sa laganap na pakiki-apid ng mga CAFGU sa lugar na malapit sa mga detatsment. Marami ring kaso na pinagsasamantalahan ng mga kadreman ang mga asawa ng mga CAFGU kapag sila ay naka-*duty*.

Hindi rin lihim sa loob ng mga detatsment ang paggamit at pagbebenta ng droga. Kundi man binibili sa labas ay pinapapasok ng mga kadreman sa loob ng mga detatsment ang kanilang mga kontak upang magbenta ng ipinagbabawal na mga droga gaya ng *shabu*.

Nagkakalamat din ang relasyon ng mga tribu dahil sa paggamit sa mga CAFGU sa panahon ng mga operasyong kombat at *peace and development teams* (PDT). Kadalasang ipinantatakot ng mga CAFGU at ng kanilang mga kasamang regular na mapuputol ang *bodong* (kasunduan sa kapayapaan) kapag sila ay inatake ng BHB sa mga baryo. Sa mga eryang *binodngan* ipinupwesto ang mga CAFGU na taga-komunidad upang gawing pasibo ang mga residente sa harap ng mga atake sa kanilang karapatan. Sa mga operasyong kombat, pinagagamit ng bonet ang mga CAFGU upang hindi makilala ng mga residente. Madalas ding pagsimulan ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga tribu ang pagmamayabang ng CAFGU ng kanilang armas.

Dahil sa pagtutok sa *duty* bilang CAFGU, napapabayaan ang kanilang kabuhayan at maging ang kanilang mga pamilya. Sa isang baryo na maraming CAFGU, umaabot sa ilandaang ektarya ng mga bukid ang natitiwangwang. May kapasidad na magprodyus ang erya ng mahigit 400 sakong bigas na dagdag sanang pagkain ng kanilang mga pamilya at buong komunidad. Dahil dito, ang kanilang naaaning palay ay nakakasapat na lamang sa tatlo hanggang apat na buwang konsumo. Kung bibili naman ng bigas sa labas ng baryo o sa mga sentrong bayan, tinatayang umaabot lamang sa dalawa hanggang apat na sakong bigas ang kayang tustusan ng kanilang napakaliit at nakaltasang kita kada buwan. Kung idadagdag pa ang gastos sa pagpapa-aral, pagpapa-ospital at iba pa, kulang na kulang ang kanilang SA. Hindi na rin sila makapunta sa ibang mga baryo laluna kapag sila ay nag-ooperasyon.

Hanggang sa kasalukuyan, dahil sa perwisyong dulot ng mga detatsment ng CAFGU, patuloy pa rin ang paggigiit ng mga komunidad upang tuluyang lansagin ang mga ito. Sa mga baryong matibay ang kapasyahang huwag payagan ang pagtatayo ng detatsment at pagrerekluta ng mga CAFGU sa kanilang lugar ay iisa lamang ang kanilang sagot sa militar: "Hindi namin kailangan ang CAFGU dahil hindi malinis na trabaho ang pagsasamantala sa mga kababayan at pagpapahamak sa tribu." AB

## Kalupitan at katiwalian, tatak ng 77th IB

Nagmumula sa 77th "Cadre" Battalion ang mga sundalong nangangasiwa sa mga CAFGU sa Ilocos, Cagayan at Cordillera. Sa loob ng mga detatsment ng CAFGU, ang mga kadreman ng 77th IB ang nag-aastang panginoon ng mga paramilitar. Sila rin ang pasimuno ng bulok na kultura, nakawan at kalupitan sa mga residente sa mga baryong kinalalagyan ng kanilang mga kampo.

Mahaba ang kontra-mamamayang rekord ng batalyon na ito. Isa sa nangungunang papel ng 77th IB ang pagsisilbing gwardya ng mga mapandambong na operasyong mina. Itinayo ang kanilang mga kampo para supilin ang mga katutubong lumalaban sa panghihimasok ng mga minahan sa lupaing ninuno.

Noong Hunyo 2007, sinugod ng mga elemento ng 77th IB ang mga manggagawang pangkalusugan na nanggagamot ng mga pasyente sa Sityo Ubel, Barangay Gawaan, Balbalan, Kalinga. Pinaratangan ang mga duktor, nars at boluntir na mga kasapi umano ng BHB. Kasama ng 77th IB ang mga sundalo ng 21st IB sa naturang panggigipit.

Noong Hunyo 2009, dalawang giyang panturista rin ang iligal na dinakip ng 77th IB sa Sagada, Mountain Province. Magdamag silang idinetine sa kampo at pinagiya sa operasyong militar kinabukasan.

Nabunyag naman noong 2011 ang pagnakaw ng mga upisyal ng batalyon sa badyet ng mga CAFGU. Bagamat 400 lamang ang CAFGU na kanilang pinangangasiwaan, iniulat nito na 800 ang nasa serbisyo. Ang sahod at benepisyo ng tinaguriang mga "ghost" (multo) CAFGU ay pinaghahatian ng mga upisyal ng 77th IB at ng mga nakatataas na upisyal sa 503rd Brigade at 5th ID. Talamak ang ganitong iskema ng katiwalian sa lahat ng Cadre Battalion ng AFP.

Hindi nakapagtataka kung bakit itinatakwil ng mamamayang Igorot ang 77th IB. Noong 2014, nilabanan ng tribung Mabaca sa bayan ng Balbalan, Kalinga ang plano nitong magtayo ng kampo sa komunidad. Anila, ayaw na nilang maulit ang mahaba at mapait na karanasan ng mga paglabag ng militar sa karapatang-tao ng mga residente.

Noon namang Disyembre 2018, matagumpay na nireyd ng BHB ang detatsment ng 77th IB-CAFGU sa Lubuagan, Kalinga. Nasamsam ang 30 malalakas na riple, napatay ang kadreman ng kampo at nasugatan ang tatlong CAFGU. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ng Lubuagan ang sapilitang pagrerekluta at pagpapasurender sa kanila, pang-aabuso sa kababaihan at iba pa. AB

# Iskemang *pastillas* at laganap na kriminalidad sa industriya ng POGO

Nalantad noong nakaraang linggo ang laganap na katiwalian sa Bureau of Immigrations (BI) kaugnay ng pagtanggap ng mga upisyal nito ng suhol kapalit ng iligal na pagpapasok sa mga manggagawang Chinese sa bansa. Tinawag ang modus na ito na "iskemang pastillas" dahil ang suhol na tinatanggap ng mga upisyal ay nakabilot sa papel nang sa gayo'y magmukha itong *pastillas* (kendi na gawa sa gatas).

Isiniwalat ng upisyal ng BI na si Allison Chiong na patagong tumatanggap ang ahensya ng P10,000 suhol sa kada manggagawang Chinese na pumapasok sa bansa kapalit ng pagbibigay ng ispesyal na serbisyo sa kanila. Kasabwat ng BI sa iskemang ito ang mga Chinese at lokal na *tour operator* (ahensyang nag-aasikaso ng byahe) na pinaniniwalaang bahagi ng sindikatong nagdidirehe ng modus sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) sa Manila.

Sa suhol na nasisingil, P2,000 ang naibubulsa ng mga upisyal ng BI habang P8,000 naman ang pinaghahatian ng mga *tour operator* at sindikato. Paglalahad ni Chiong, bawat upisyal na nakadeploy sa Terminal 1 ng NAIA ay nakakakubra nang hindi bababa sa P20,000 kada linggo, at P8,000 naman para sa mga nasa Terminal 3. Maliban sa pera, dinadalhan din ng mga kliyenteng Chinese ng libreng tanghalian ang mga upisyal.

Nagsimula ang iskemang ito kasabay ng pagdagsa ng mga Chinese sa bansa noong 2017. Mula sa taong ito ay tinatayang may 1.8 milyong Chinese na ang pumasok sa Pilipinas. Kung gayon, posibleng nakapagbulsa na, sa kabuuan, ang mga upisyal ng aabot sa P10 bilyong suhol.

Matatandaan na sa parehong taon din, dakong Pebrero, pinirmahan ni Duterte ang Executive Order (EO) 13 na nag-institusyonalisa sa industriya ng Philippine Offshore Gaming Operators (POGO). Ang mga POGO ay tumutukoy sa mga pasugalang pinatatakbo ng mga dayuhang kapitalista sa Pilipinas na nagbibigay ng ekslusibong mga serbisyo sa dayuhang mga manunugal sa pamamagitan ng *internet.* Sa pamamagitan ng kautusang ito, naglatag ng mga patakaran at direktang ipinailalim ng rehimen ang pangangasiwa sa industriya ng POGO sa Philippine Amusement and Gaming Corp. (Pagcor) upang madulas na makapasok sa bansa ang mga dayuhang mamumuhunan.

Minaksimisa, pangunahin ng mga kapitalistang Chinese, ang neoliberal na kautusang ito para makapagtayo ng mga *online* (de-internet) na pasugalan sa bansa, lalupa't iligal ang anumang uri ng pagsusugal sa China. Sa panahong iyon ay nagsimulang dumagsa sa bansa ang daan-daan libong Chinese upang magtrabaho kapwa sa mga lisensyadong mga POGO at sa tinaguriang mga "fly-by-night" o yaong mga walang lisensya at iligal ang operasyon. Sa konserbatibong datos ng reaksyunaryong gubyerno, tinatayang 120,000 Chinese na manggagawa ang kasalukuyang nagtatrabaho sa mga pasugalan ng 62 lisensyadong opereytor sa bansa. Tiyak na mas mataas pa ang bilang na ito dahil hindi pa kasama sa taya ang daan-daan libo pang mga Chinese na pinalusot ng BI para iligal na makapagtrabaho sa di-lisensyadong mga pasugalan.

**Kriminalidad sa mga POGO**

Kasabay ng paglago ng industriya ng POGO ang higit pang paglaganap ng iligal na mga aktibidad ng mga sindikatong Chinese sa bansa. Nalantad nitong nagdaang mga buwan kung paanong ginagamit ng mga sindikatong ito ang mga POGO bilang lungga ng prostitusyon at droga. Imbwelto rin ang mga sindikato sa mga kaso ng *money laundering* (proseso para palabasing ligal ang perang nakubra mula sa mga iligal na aktibidad), panggagantso, *kidnapping* at *sex trafficking* na bumibiktima hindi lamang sa mga parokyano at manggagawang Chinese kundi pati na rin sa mga mamamayang Pilipino. Napatunayan ito sa magkakasunod na reyd ng mismong mga pwersa ng reaksyunaryong estado sa mga POGO mula noong Setyembre 2019, at pagkakaaresto ng 636 na mga Chinese na sangkot sa pagsasagawa ng iba't ibang iligal na mga aktibidad.

Noong Pebrero 12, humarap sa midya si Lai Yu Cian, 23, Taiwanese na biktima ng *human trafficking* na sapilitang pinatrabaho sa isang POGO. Aniya, siya ay nirekluta ng isang Chinese para magtrabaho sa isang kumpanya sa *advertising.* Subalit pagdating niya sa Pilipinas noong Oktubre 2019, kinumpiska ng employer ang kanyang *tourist visa* (papel para makapasok sa bansa) na may bisa lamang ng 30 araw at sapilitan siyang pinatrabaho sa isang POGO sa Makati. Aniya, pinatatrabaho siya nang hanggang 24 na oras kada araw at paulit-ulit na inabuso nang pisikal at sekswal. Nagpaalam siyang magbibitiw subalit pinagbantaan siyang sasaktan at papatayin, maging ang kanyang mga kapamilya.

Ipinantatakot ng kanyang mga employer na mayroon umano silang "protektor" na may mataas na katungkulan sa reaksyunaryong gubyerno. Siya umano si Michael Yang, kapitalistang Chinese at malapit na kaibigan at tagapayo ni Duterte sa mga usaping China, at pinaniniwalaang kasabwat ni Duterte sa malawakang produksyon at pagbebenta

*"POGO...," sundan sa pahina 8*

# Makasaysayang kaso laban sa *Red-tagging,* isinampa ng IBON

Sa kauna-unahang pagkakataon, nagsampa ng administratibong reklamo noong Pebrero 10 ang IBON Foundation sa Office of the Ombudsman laban sa mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na nangunguna sa kampanyang *Red-tagging* ng rehimen.

Kabilang sa mga kinasuhan sina Maj. Gen. Antonio Parlade, Jr., kumander ng Souther Luzon Command; Presidential Communications and Operations Office (PCOO) Usec. Lorraine Badoy; at National Security Adviser Hermogenes Esperon, Jr. Ang tatlo ay mga kasapi ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Pinananagot ng IBON ang mga nabanggit sa pag-abuso sa kapangyarihan at patuloy na pagbabanta sa mga indibidwal at grupong nagtataguyod ng karapatang-tao.

Kabilang sa mga pinakahuling insidente ng lantarang pagbabanta ang pagtawag ni Badoy sa IBON na "prenteng komunista" sa isang programa sa telebisyon noong huling linggo ng Enero. Ito ay matapos pasinungalingan ng IBON ang mga peke at mapanlinlang na datos na ibinandera ng PCOO sa kampanya nitong "Duterte Legacy." Umani ng malawakang pagbatikos si Badoy dahil imbis na akuin ang pagkakamali at sagutin ang mga katanungan hinggil sa manipulasyon na kanilang ginawa ay pinagbibntangan niya ang IBON na tagasuporta ng Partido Komunista ng Pilipinas. Anang IBON, ipinakikita ng mga atake kung paano pinatindi ng Executive Order (EO) 70, na lumikha sa NTF-ELCAC, ang kampanyang panunupil ng reaksyunaryong estado.

Noong Pebrero 9, nanawagan din ang Commission on Human Rights na ibasura ang EO 70 dahil kinakasangkapan lamang umano ito ng estado para bigyang katwiran ang mga banta at atake laban sa mga aktibista.

Kaugnay nito, nagprotesta noong Pebrero 18 at 19 ang mga kawani ng gubyerno, sa pangunguna ng All Government Employees Unity at Courage, sa Quezon City para ipinawagan ang pagbabasura sa EO 70. Anila, isinasapanganib nito ang buhay ng mga kasapi ng unyon at tinatakot ang mga kawani na magkaisa para itaguyod ang kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng pag-uunyon. AB

---

*"POGO...," mula sa pahina 7*

ng *shabu* sa Mindanao at Luzon. Ayon sa mga ulat, si Yang ang kumokontrol sa kumpanyang Xionwei Technology na nakabase sa Davao at kabilang sa mga POGO na ginawaran ng lisensya ng rehimen. Direktang pinatatakbo ng Xionwei ang mga pasugalan ng pitong subsidyaryo nito (Oroone Inc. sa Cagayan de Oro; Invech Treasure Processing Corp, Van Gogh BPO Inc., First Greater Computer Technologies Inc. at Big Emperor Technology Corp. sa Metro Manila; Invech Treasure Processing Corp. sa Cebu; at Shidaikeji Technology Inc. sa Pampanga). Pinakamalaki sa mga ito ang Shidaikeji na may 22 pasugalan sa Clark, Pampanga na dating pagmamay-ari ng kapitalistang Chinese na si Jack Lam na nasangkot sa pagpapapasok ng 1,316 na iligal na manggagawang Chinese noong Disyembre 2016.

Nalantad din na tumaas ang bilang ng mga kaso ng *kidnapping* na kinasangkutan ng mga Chinese mula 34 noong 2018 tungong 58 noong 2019. Sa mga biktima noong nakaraang taon, 31 ang may kaugnayan sa mga POGO at pinaniniwalaang dinukot dahil sa patung-patong na utang mula sa mga *loan shark* o sindikatong usurerong Chinese.


**Walang pakinabang**

Taliwas sa mga pahayag ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimen, walang direktang pakinabang sa mga mamamayan ang paglago ng industriya ng POGO. Artipisyal lamang nitong pinasikad ang industriya ng *real estate* sa pamamagitan ng pag-upa ng mga Chinese sa milyun-milyong metro-kwadradong komersyal na espasyo at mga yunit sa mga *condominium* para sa operasyon ng mga POGO at bilang tirahan. Ang ekonomikong penomenon na ito ay hindi produktibo at walang nai-aambag para paunlarin ang kabuhayan ng mga mamamayan. Ang tanging nakikinabang lang dito ay ang mga opereytor at ang kasapakat nilang mga burgis kumprador sa *real estate*.

Mahalaga ring ipunto na kalakhan ng mga opereytor ng POGO ay ekslusibong nag-eempleyo lamang ng mga manggagawang Chinese. Sa konserbatibong datos ng reaksyunaryong gubyerno, tinatayang walo sa bawat sampung manggagawa sa mga POGO ay mga dayuhan. Siguradong mas masahol pa ang tumbasan na ito sa di-lisensyadong mga POGO. Kung gayon, hindi totoong nakalilikha ang industriya ng sapat na trabaho para sa mga mamamayan.

Gaya ng iba pang mga korporasyon, obligado ang mga POGO na magbayad ng buwis sa reaksyunaryong gubyerno, gayunman, napatunayang 50 opereytor ang hindi nagbabayad nito. Umabot na sa P50 bilyon ang kabuuang utang na buwis ng mga opereytor na ito. Ang tanging nasingil lamang ng Pagcor mula sa mga ito ay ang P8-bilyong bayad para sa regulasyon. Nasa dalawang porsyento lamang umano ito ng kabuuang kinita ng mga POGO sa bansa na tinatayang aabot na sa daan-daang milyong piso. Ang halagang ito ay dumidiretso sa bulsa ng mga opereytor ng POGO at hindi napakikinabangan ng mga mamamayan. Labas pa sa halagang ito ang buwis na hindi nasisingil sa mga manggagawang Chinese na iligal na nagtatrabaho sa bansa. AB

# Sino ang makikinabang sa Sangley Airport Project?




Kabilang ang Sangley Point International Airport Project sa Cavite City sa mga niratsadang proyekto ng rehimeng Duterte sa ilalim ng programang Build, Build, Build. Pormal na pinasinayaan mismo ni Duterte ang nasabing proyekto noong Pebrero 15, walong buwan lamang matapos niyang i-utos na ilipat sa nasabing paliparan ang lokal na mga pampublikong byahe at pribadong mga operasyong panghimpapawid.

Isinangkalan niya ang sikip at ang tumataas na demand sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) sa pambansang kabisera para itulak ang ekspansyon ng Sangley Airport sa 1,400 ektaryang eryang reklamasyon sa tabi ng Danilo Atienza Air Base. Magtatayo umano rito ng apat na *runway* (daanan ng mga eroplano) at terminal na may kapasidad na magbigay ng serbisyo sa 100 milyong pasahero kada taon. Parehong dahilan ang ginamit niya para iratsada ang pagtatayo ng New Manila International Airport (o mas kilala bilang Aerotropolis) sa Bulacan at ng ekspansyon at pribatisasyon ng Clark International Airport sa Pampanga.

Ipatutupad ang proyekto sa balangkas ng "hybrid" o binagong *public-private-partnership* (PPP) na nangangahulugan na direktang papasanin ng mamamayan ang gagastusin para rito sa porma ng buwis. Tiyak na tatabo na naman ng bilyun-bilyong pondo ang malalaking burgesyang kumprador at burukrata-kapitalista, kasabwat ng imperyalismong China, mula sa engrandeng proyektong pangimprastrukturang ito.

Iginawad ng rehimen noong Disyembre 17 ang P550-bilyong kontrata para sa pagpapaunlad ng Sangley Airport sa konsorsyum na binubuo ng MacroAsia Corp. at China Communications Construction Company Ltd. (CCCC). Walang nakalaban ang konsorsyum na ito sa *bidding* dahil ito lamang ang nagaplay para sa nasabing proyekto.

Ang MacroAsia Corp., na mayoryang sapi sa konsorsyum, ay pinamumunuan ng kapitalistang si Lucio Tan, ang ika-anim na pinakamayamang indibidwal sa bansa na nakapagtalaga ng $3.6-bilyong halaga ng pagmamay-ari (o P180 bilyon sa palitang $1=P50) noong nakaraang taon. Pagmamay-ari rin niya ang Philippine Airlines, Asia Brewery, at Fortune Tobacco. Ang mga kumpanyang ito'y pawang notoryus sa marahas na pagbuwag ng mga unyon, iligal na tanggalan ng mga manggagawa at malawakang pagpapatupad ng kontraktwalisasyon at iba pang hindi patas na kaayusan sa paggawa.

Kasosyo ni Tan sa konsorsyum ang CCCC, kumpanyang pag-aari ng gubyerno ng China na sangkot sa napakaraming anomalya. Notoryus ito sa pangangamkam ng teritoryo ng Pilipinas, katiwalian at panunuhol. Gamit ang CCCC, nagsasagawa ang China ng iligal na reklamasyon at naglalatag ng artipisyal na mga isla sa West Philippine Sea. Nagtatayo rito ang China ng mga istrukturang militar para palakasin ang laban nito sa pangangamkam ng teritoryo ng Pilipinas. Resulta ng reklamasyon nito ang malawakang pagkasira ng mga bahura, partikular sa bahaging Zambales at Palawan.

Nalantad din noong 2009 na nakipagsabwatan ang CCCC sa lokal at dayuhang mga kumpanya at nanunuhol sa mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno para mapanalunan ang $150-milyong (P7.5 bilyon) kontrata para sa unang yugto ng Philippines National Roads Improvement and Management Project sa ilalim ng rehimeng Aquino III. AB

### Walang pangil na deklarasyon laban sa reklamasyon

KASABAY NG PAGPAPASINAYA sa Sangley Airport, nagpahayag ang demagogong si Rodrigo Duterte na ipagbabawal na niya ang anumang proyektong reklamasyon sa Manila Bay ng mga pribadong kumpanya hanggang sa matapos ang kanyang termino. Gayunman, walang pangil ang pahayag na ito sapagkat inamin din niyang wala na siyang magagawa para ipatigil ang mga proyektong naaprubahan na.

Sa partikular, ipinagtanggol niya ang 407-ektaryang proyektong reklamasyon na Manila Bay City of Pearl, isa sa mga susing proyekto na itinulak mismo ni China Pres. Xi Jin Ping bilang bahagi ng Belt & Road Initiative sa Pilipinas. Iginawad ng rehimen ang proyektong ito sa UAA Kinming Group Development Corp., kumpanyang pinamumunuan ni Jose Kho, bilyunaryong Hongkonger na kilalang masugid na tagasuporta at malapit na kaibigan ni Duterte.

Kabilang din sa proyektong naaprubahan na ang kanugnog na 50-ektaryang Harbour Center Reclamation Project ng parehong kumpanya at ng Harbour Center Reclamation Project R-II Builders ng burges kumprador na si Reghis Romero na nasangkot kamakailan sa malawakang tanggalan ng

*"Reklamasyon...," sundan sa pahina 10*

# Atake sa ABS-CBN: atake sa kabuhayan at demokrasya

Umani ng suporta ang kumpanya sa midya na ABS-CBN at mga empleyado nito mula sa iba't ibang grupo at personalidad matapos magsampa ng petisyong *quo warranto* si Solicitor General Jose Calida sa Korte Suprema laban sa kumpanya noong Pebrero 10. Matapos ang isang linggo, muling naghain si Calida ng "gag order" (petisyon para patahimikin) para pagbawalan ang istasyon at mga indibidwal na magsalita hinggil sa isyu.

Sa petisyong *quo warranto*, hinihingi ni Calida sa korte na bawiin ang prangkisa ng korporasyon dahil umano lumabag ito sa mga alituntunin ng kanilang kasalukuyang prangkisa. Nakabimbin ngayon sa reaksyunaryong Kongreso ang mga resolusyon para sa pagpapalawig ng prangkisa ng kumpanya na nakatakdang mapaso sa susunod na buwan.

Mariing pinabulaanan at kinundena ng kumpanya ang mga paratang at hakbang ni Calida na anila'y isang malinaw na tangkang panggigipit ng rehimen.

Nagsimula ang panggigipit sa ABS-CBN nang pagbantaan ni Rodrigo Duterte na ipasasara ito dahil sa hindi umano pag-ere ng kanyang mga patalastas noong eleksyong 2016.

Kung hindi maaprubahan ang prangkisa, nanganganib na magsara ang ABS-CBN at mawalan ng trabaho ang tinatayang 11,000 nitong empleyado.

Noong Pebrero 19, isinumite ng National Union of Journalists of the Philippines sa reaksyunaryong Kongreso ang nalikom nitong mga pirma upang ipanawagan ang kagyat na pagtalakay ng isyu sa Kongreso at pagpapalawig sa prangkisa ang ABS-CBN. Tuwing Biyernes naman ay naglulunsad ang iba't ibang grupong midya sa iba't ibang panig ng bansa bilang pagsuporta sa laban ng kumpanya at mga manggagawa nito. Nagsimula ang mga protesta noong Enero 19.

Nitong Pebrero 14, aabot sa 500 empleyado ng kumpanya, mga manggagawa sa midya at tagasuporta ang nagtipon sa harap ng tarangkahan ng ABS-CBN sa Quezon City. Panawagan nilang pigilan ang pagsasara ng kumpanya, ang atake sa mga manggagawa nito at sa karapatan sa malayang pamamahayag.

Hinamon ng NUJP ang reaksyunaryong Kongreso na manindigan at huwag magpabuyo sa rehimen na pagkaitan ang ABS-CBN ng tamang proseso. Anila, atake ito sa karapatan sa pamamahayag lalupa't nagmumula mismo ang pananakot kay Duterte.

Ayon naman sa Photojournalists' Center of the Philippines, hindi lamang kawalan ng kabuhayan ang idudulot ng pagsasara ng kumpanya kundi pagsikil sa demokrasya at karapatan ng mamamayan sa impormasyon.

Hinimok naman ng progresibong grupong Altermidya ang mamamayan na manindigan para sa katotohanan at demokrasya. Anila, hindi dapat matakot sa mga kalaban ng kalayaan sa pamamahayag.

Bukod dito, iba't ibang grupo ng midya at personalidad ang nagpahayag ng pakikiisa sa ABS-CBN. Maraming indibidwal din ang nagpahayag sa *social media* ng kanilang pagsuporta sa ABS-CBN. AB

## Laban ng mga manggagawa sa Harbour Centre

NAGLUNSAD NG PROTESTANG "Black Valentines Day" ang mga kasapi ng Unyon ng mga Manggagawa sa Harbour Centre sa pyer ng Manila noong Pebrero 14 para batikusin ang kawalang puso ng kapitalistang si Reghis Romero, may-ari ng Manila Harbour Centre (MHC). Ito ay para igiit na ibalik ang 253 manggagawa at lider-unyon na tinanggal ni Romero sa kumpanya noong Enero 6. Inempleyo ni Romero ang mga manggagawa bilang kontraktwal sa pamamagitan ng ahensyang Grasials Corp.

Binatikos din ng mga manggagawa ang hindi pagsunod ni Romero sa kautusan ng Department of Labor and Employment para sa regularisasyon ng 378 manggagawang kontraktwal.

Naparalisa ang paglabas-masok ng mga kargamento sa pwerto sa dalawang oras na piket ng mga manggagawa. AB

*"Reklamasyon...," mula sa pahina 9*

manggagawa sa pyer ng Manila (*Basahin ang kaugnay na artikulo sa parehong pahina.*)

Ang nabanggit na mga proyekto ay magpapalayas at wawasak sa kabuhayan ng tinatayang 100,000 residente sa Baseco, Parola, Tondo Foreshoreland at Malate.

Bilang tugon, hinamon ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) si Duterte sa isang pahayag noong Pebrero 17 na pumirma ng isang kautusang ehekutibo na mag-uutos na ibasura at ihinto ang lahat ng proyektong reklamasyon sa Manila Bay.

Kasabay nito, nagprotesta at naghain ng reklamo ang mga mangingisda at kasapi ng Pamalakaya sa Office of the Ombudsman laban kay Mayor Lani Mercado-Revilla ng Bacoor City. Nais nilang paimbestigahan ang pagpapahintulot niya sa dalawang mapandambong na proyektong reklamasyon na sumisira sa kalikasan at kabuhayan ng mga mangingisda sa lunsod. Noong Pebrero 21, muling nagprotesta ang Pamalakaya sa Anda Circle, Intramuros para manawagan sa reaksyunaryong lokal na pamahalaan na maglabas ng ordinansa para ipatigil ang mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay. AB

# Sayaw-protesta para sa kabuhayan, karapatan

Nagtipon sa Mendiola, Manila ang mga progresibong grupo para sa taunang One Billion Rising (OBR) noong Pebrero 14. Pinangunahan ng Gabriela ang programa at sayaw-protesta.

Magmula 2012 ay taun-taon nang isinasagawa ang OBR, isang kampanya ng pagkakaisa ng mga kababaihan sa buong mundo para labanan ang karahasan sa kababaihan at mga bata. Nilalahukan ito ng mahigit 200 bansa sa buong mundo.

Ngayong taon, sa temang "Raise the Vibration, Rise for Revolution" dinala nila ang pagkakaisa laban sa pagkasira ng kalikasan, kasakiman ng mga korporasyon at pagsikil ng mga maka-kanang gubyerno sa karapatang-tao.

Nakiisa ang mga kababaihan sa panawagan ng mga magsasaka na "Rise for Rice" (Tumindig para sa Bigas) laban sa pahirap na Rice Liberalization Law sa unang taong anibersaryo ng pagkakapasa nito.

Ayon sa IBON, tinatayang nalugi ng P84.4 bilyon ang mahigit sa dalawang milyong magsasaka noong 2019 dahil sa pagbaba ng presyo ng palay. Ito ay katumbas ng P35,328 kada magsasaka.

Nakiisa rin ang mga kababaihan sa pagtindig ng mga Lumad laban sa patuloy na panggigipit at pasistang atake sa kanilang hanay.

Noong Pebrero 13, dumalo ang pandaigdigang kinatawan ng OBR na si Monique Wilson at aktres na si Mae "Juana Change" Paner sa programa sa Davao City. Naglunsad din ng kaparehong mga protesta sa lunsod ng Cebu, Baguio, Iloilo at iba pa.

Samantala, nagprotesta rin ang Gabriela noong Pebrero 21 sa harap ng Camp Aguinaldo, Quezon City para ipanawagan na ilipat sa New Bilibid Prison si US Marine Private First Class Joseph Scott Pemberton. Hinamon nila ang reaksyunaryong gubyerno na panindigan ang pagpapawalang-bisa sa Visiting Forces Agreement at parusahan si Pemberton na pumatay sa *transwoman* na si Jennifer Laude noong 2014. AB

## Defend Mindanao, itinatatag

ITINATAG NG KARAPATAN at iba pang progresibong mga grupo ang Defend Mindanao noong Pebrero 12 sa upisina ng Commision on Human Rights sa Quezon City. Isa itong alyansa ng mga organisasyon na nagtatanggol sa mga aktibista at tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa Mindanao. Sa harap ito ng walang-habas na paglabag ng mga pwersa ng estado sa karapatang-tao ng mga aktibisita.

Matatandaan na noong Marso 2019, sinampahan ng gawa-gawang mga kasong kriminal ang 468 indibidwal at aktibista sa Caraga at Northern Mindanao. Kabilang sa kinasuhan ang mga lider ng Alliance of Concerned Teachers at Rural Missionaries of the Philippines.

Ipinanawagan ng Defend Mindanao ang pagbasura sa mga kaso at kagyat na pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. Isa sa mga nanguna sa pagtatatag sa Defend Mindanao si Rep. Eufemia Cullamat, lider-Manobo at kinatawan ng Bayan Muna Partylist. AB

# Apat na Pulang mandirigma, brutal na pinaslang ng AFP

Tatlong Pulang mandirigma ang pinaslang ng 81st IB sa Barangay Namatican, Sta. Lucia, Ilocos Sur noong Pebrero 13. Ayon sa imbestigasyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Ilocos, dinukot ng mga sundalo sina Julius "Ka Goyo" Marquez, Ennabel "Ka Onor" Balunos at Ma. "Ka Ricky" Finela Mejia sa kanilang tinutuluyan. Matapos nito ay pinagbabaril ang tatlo nang walang kalaban-laban. Bakas din sa kanilang mga katawan ang matinding tortyur na sinapit.

Pinatunayan ng mga residente sa lugar na walang naganap na labanan, taliwas sa nilubid na kasinungalingan ng militar at pulis na namatay umano ang mga Pulang mandirigma sa engkwentro.

Nag-alay ang BHB-Ilocos at NDF-Ilocos ng Pulang saludo sa tatlong martir. Nangako ang BHB-Ilocos na kakamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa tatlong Pulang mandirigma na minasaker ng mga pasista.

Mariin ding kinundena ng BHB-Far Southern Mindanao Region (FSMR) ang brutal na pagpaslang ng mga elemento ng 39th IB kay Juanita Dore "Ka Maring/Isay" Tacadao noong Pebrero 14 sa Sityo Lacobe, Barangay Malabuan, Makilala, North Cotabato. Ayon sa BHB, dahil sa karamdaman ay mahina na at walang kakayahang lumaban si Ka Maring. Para bigyang katwiran ang pamamaslang, pinalabas ng AFP na armado si Ka Maring at mayroon pa umanong dalang pampasabog.

Ayon sa BHB-FSMR, bago paslangin si Tacadao ay tumulong siya sa komunidad ng mga magsasaka na napilitang magbakwit noong nakaraang taon dulot ng pananalasa ng lindol.

Pinarangalan ng BHB-FSMR at ng buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon si Ka Maring na nag-alay ng mahigit tatlong dekadang paglilingkod sa sambayanan. Naging bahagi si Ka Maring ng mabilisang pagpapalawak ng baseng masa at ng mga matatagumpay na pakikibakang masa sa rehiyon. AB

# Iligal na pag-aresto sa Tacloban 5




Magkasabay na sinalakay ng mga pwersa ng Criminal Investigation and Detection Group, PNP-Tacloban at mga sundalo ang mga upisina ng Bayan-Eastern Visayas sa Fatima Village, Bañezville, Barangay 77 at upisina ng Eastern Vista sa Calanipawan Road noong Pebrero 7, ala-una ng madaling araw. Iligal na inaresto sa reyd sina Marissa Cabaljao ng People Surge kasama ang kanyang isang-taong-gulang na anak; Frenchiemae Cumpio, ehekutibong direktor ng Eastern Vista; Alexander Philip Abinguna ng Karapatan; Mira Legion ng Bayan; at Mariell Domanquill ng Rural Missionaries of the Philippines.

Sapilitang pinasok ng may 150 armadong elemento ang upisina kung saan natutulog sina Abinguna, Legion, Cabaljao at kanyang anak. Ilang minuto matapos silang palabasin sa kanilang mga kwarto, nagtanim ang mga pasista ng ebidensyang mga baril at gamit sa paggawa ng pampasabog. Sa ikalawang upisina, nagising na lamang si Cumpio na may nakatutok na baril sa kanyang dibdib. Kinuha rin ng mga pulis ang pondo ng upisina at pinalabas na pondo umano ito ng rebolusyonaryong kilusan. Nagtanim din sa upisina ng ebidensyang baril, granada at bandila na may karet at maso.

Kasalukuyang nakadetine ang lima sa PNP Regional Office-8 sa Palo, Leyte. Kinasuhan sila ng *illegal possession of firearms and explosives*. Sina Legion at Cabaljao lamang ang pinahintulutang magpyansa.

Sa Surigao City, iligal na dinakip ng magkakumbinang pwersa ng AFP at PNP-Sibagat si Nestor Amora batay sa gawa-gawang kasong *kidnapping* at *illegal detention* noong Pebrero 10. Kabilang si Amora sa 458 indibidwal na iniuugnay sa pag-reyd ng BHB-NEMR sa detatsment ng CAFGU sa New Tubigon, Sibagat, Agusan del Sur noong Disyembre 2018.

Si Amora ay kilalang negosyante at naging kapitan sa Barangay Banza sa Butuan City mula 2007 hanggang 2018. Siya rin ay naging pangulo ng Butuan City Association of Barangay Captains at kasapi ng Sangguniang Panglunsod mula 2010 hanggang 2018. Tumakbo rin siya sa bilang bise-alkalde sa ilalim ng partidong PDP-Laban noong eleksyong 2019. Sumuporta rin si Amora sa Bayan Muna Partylist at sa mga kandidato sa pagkasenador ng Makabayan.

**Pamamaslang.** Pinaslang ng mga ahente ng AFP ang lider-minero na si Adonis Shu noong Pebrero 10 sa Sityo Iraan, Magara, Roxas, Palawan. Si Shu ay kilalang tagapagtanggol ng karapatan sa kabuhayan ng maliitang mga minero ng ginto sa Roxas. Dahil dito, inakusahan siya ng militar na kasapi umano ng BHB at aktibong tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Bago ang pagpaslang ay maraming beses na siyang nakatanggap ng banta mula sa militar at pilit na pinasusurender bilang kasapi ng BHB.

**Pagdukot.** Sa Quezon, dalawang magniniyog na kasapi ng Coco Levy Funds Ibalik sa Amin (Claim)-Quezon ang dinukot ng mga elemento ng 85th IB noong Pebrero 3. Kinilala ang mga biktima na sina John Ardy Cacao at Jason Calusin na huling nakita sa Barangay Cagsiay 3, Mauban, Quezon. Dumulog na ang kanilang mga kamag-anak sa iba't ibang upisina ng reaksyunaryong gubyerno kabilang na ang punong himpilan ng Southern Luzon Command para alamin kung nasaan ang mga biktima subalit bigo silang makakuha ng sagot.

**Pamamaril.** Pinagbabaril ng nag-ooperasyong mga tropa ng 24th IB ang anim na kabataang nangingisda lamang sa Barangay Lanag, Lacub, Abra, noong Pebrero 17. Kinabukasan, nagtungo sa lugar ang taumbaryo upang hanapin ang kanilang mga anak subalit pinagbawalan sila ng mga sundalo. Nang muling makasama ng kanilng mga kapamilya, inilahad ng mga biktima ang matinding takot na idinulot ng insidente. Para pagtakpan ang krimen, pinalabas ng 24th IB na mga armadong magnanakaw umano ang mga biktima, taliwas sa pahayag ng mga residente. AB

### Ispesyal na pagtrato kay Palparan sa bilangguan

NAGHAIN NG MOSYON ang National Union of People's Lawyers (NUPL) sa Regional Trial Court of Malolos City, Branch 15 noong Pebrero 18 para ipatigil ang ispesyal na pagtrato kay Palparan at pawiin ang anumang mga ispesyal na pribilehiyong ibinibigay sa kanya. Ayon sa NUPL, matagal nang nakapiit si Paparan sa Directorate for Reception and Diagnostics (DRD) sa New Bilibid Prison sa Muntinlupa, isang pasilidad na hindi maaaring pagpiitan ng mga bilanggo ng higit sa 60 araw. Ayon sa NUPL, si Palparan ang nagsisilbing mayor sa mahigit 1,500 bilanggo sa DRD. Isiniwalat din nito na pinapayagan si Palparan na gumamit ng kompyuter, internet at binibigyan ng iba pang pribilehiyo na bawal sa ibang bilanggo.

Iginiit ng NUPL na dapat pagbayaran ni Palparan ang kanyang mga krimen. Hinatulan ng reaksyunaryong korte si Palparan ng habambuhay na pagkakabilanggo kaugnay ng pagdukot, pagdetine at pagtortyur sa estudyanteng aktibista na sina Sherlyn Cadapan at Karen Empeño. AB

# Iligal na pag-aresto at panghahalughog sa Bicol



Iligal na inaresto ng pinagkumbinang pwersa ng 2nd IB, Military Intelligence Company at Philippine National Police ang apat na residente ng Sityo Tagaytay, Barangay Maglambong, Monreal, Masbate noong Pebrero 10, alas-tres ng madaling araw. Kinilala ang mga biktima na sina Alex Almozara, Jun Betangcor, Gina Almozara at Aljon Alminana na inaakusahan ng mga sundalo at pulis na mga kasapi umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Iligal ding hinalughog ang mga bahay ng mga biktima na nagresulta sa pagkasira ng kanilang mga ari-arian at bahay.

Noong Pebrero 9, una nang inaresto ng mga pasista si Vicky Almozara na residente naman ng kalapit na Sityo Cogon sa parehong barangay. Pinaratangan din siyang kasapi ng BHB.

Sa Sorsogon, 70 residente ng bayan ng Barcelona ang pinilit ng militar na sumuko bilang kasapi ng BHB noong Pebrero 15. Sa Matnog at Bulan, nagbahay-bahay ang mga pasista para takutin at pagbantaan ang mga inaakusahan nilang taga-suporta ng rebolusyonaryong kilusan o kamag-anak ng mga Pulang mandirigma. Ginigipit din ang mga aktibista at lider masa na lumalahok sa kilusang masa sa kalunsuran.

Sa Camarines Sur, sinalakay ng mga pwersa ng 505th Provincial Mobile Force, Regional Mobile Force at PNP-Lagonoy ang mga bahay sa Barangay Gubat, Lagonoy noong Enero 30. Kabilang sa hinalughog ang mga bahay nina Emerlita Velasco, Domingo Velasco, Hermina Saor, Manases Casabuena at Roger San Juan. Inaresto ng nag-ooperasyong tropa si San Juan matapos taniman ng ebidensyang granada ang kanyang bahay. AB

## Mga opereytor at drayber ng dyip, nagprotesta

SA PANGUNGUNA NG Pinagkaisang Samahan ng mga Tsuper at Operators Nationwide (Piston), naglunsad ang mga drayber at opereytor ng dyip ng pambansang koordinadong pagkilos noong Pebrero 17. Ipinahayag nila ang kanilang pagtutol sa nalalapit nang pagpapatupad ng korporatisasyon ng mga dyip sa buong bansa.

Nagsagawa ng programa ang mga lokal na samahan ng mga drayber sa Pampanga, Iloilo, Baguio at Legazpi City. Sa Davao City, itinatag naman ng mga drayber at opereytor ang Dabawenyo Kontra Jeepney Phaseout Coalition noong Pebrero 18. AB




# P95.3-bilyong utang ng mga kumpanya sa kuryente

Nalantad noong Pebrero 19 na mayroon pang P95.3 bilyong utang sa reaksyunaryong estado ang mga pribadong kumpanya at kooperatiba sa kuryente. Bagamat ilang dekada nang kumikita at dominado ng mga ito ang industriya ng kuryente, bigo pa rin ang POWER Sector Assets and Liabilities Management Corp. (PSALM) na singilin ang mga kumpanya. Ang PSALM ang ahensyang nangangasiwa sa pribatisasyon ng pampublikong mga aset sa nasabing sektor.

Pinakamalaki rito ang P23.9-bilyong utang ng San Miguel Corporation o SMC ng kapitalistang si Ramon Ang, ang ika-walong pinakamayamang indibidwal sa bansa na nakapagtala ng $2.8 bilyong halaga ng pagmamay-ari noong nakaraang taon (o P140 bilyon sa palitang $1=P50). Sumunod naman dito ang P14.9-bilyong utang ng Manila Electric Company o Meralco ni Manuel V. Pangilinan, ikalawang pinakamayaman sa bansa na nakapagtala naman ng $6.6 bilyon (o P330 bilyon). Kontrolado ng SMC ang mahigit sangkapat ng kabuuang suplay ng kuryente sa buong bansa. Kabilang din sa nakapagtala ng bilyun-bilyong utang ang mga kumpanya ng Filinvest group (P3.8 bilyon) ng pamilyang Gotianun at Northern Renewables (P4.19 bilyon) ng pamilyang Garcia.

Labas sa P95.3-bilyong utang ng nasabing mga kapitalista, obligado ang PSALM na maningil ng karagdagang P326.9 bilyon bilang bayad sa napribatisang mga aset. Kabilang sa mga kailangang singilin ang kumpanyang Waterfront Mactan Casino Hotel ni William Gatchalian, ama ng senador na si Sherwin Gatchalian, na nakapagtala ng P87-bilyong utang noong nakaraang taon. Ibinasura na ang konsesyon ng nasabing kumpanya noong Oktubre 2019.

Kung hindi mababayaran ang mga utang na ito pagsapit ng 2026 kung kailan nakatakdang buwagin ang PSALM ay tiyak na ipapasa ng reaksyunaryong gubyerno ang utang ng mga kapitalista sa mga konsyumer sa pamamagitan ng pagtataas ng singil sa kuryente. AB